# 多言語情報コーナー　　　　　　　　　　　（令和８年　５月号）

## 1. Tungkol sa Abiso sa mga Bayarin sa Buwis.

Ang buwan ng Mayo ay may pinakamaraming bayarin sa buwis. Una ay ang buwis sa paggamit ng sasakyan na Automotive Tax at Light Vehicle Tax. Ang mga nagmamay-ari ng ordinaryong sasakyan ay padadalhan ng bayarin sa Automotive Tax mula sa Prefectural Tax Office sa umpisa ng Mayo at ang mga nagmamay-ari ng Light Vehicles (Kei Jidosha) ay makakatanggap naman ng bayarin mula sa pamahalaang lungsod ng bayarin na Light Vehicle Tax mula ika-14 na parehong buwan.

Sa abisong ito, nakasaad kung paano at hanggang kailan dapat bayaran ang mga nasabing buwis ng sasakyan. Ang deadline ng pagbabayad ay sa umpisa ng buwan ng Hunyo. Ang pagbayad sa Automobile at Light Vehicle Taxes ay sa pamamagitan ng Banko, Convenience Stores, Credit Cards, Paypay o sa mga Apps ng smartphones.

Kasunod nito ay ang babayarin sa buwis ng Real Property Tax. Ang mga nagmamay-ari ng bahay o lupa sa lungsod ay padadalhan ng bayarin sa nasabing buwis mula ika-15 ng Mayo galing sa Real Property/City Planning Division ng pamahalaang lungsod.

Kapag natanggap ang nasabing abiso ay dapat tiyakin ang nilalaman na detalye gaya ng halaga ng babayaran at ang deadline kung kailan ito babayaran. Ito ay maaaring bayaran ng minsanan lamang o apat na beses na installments na kung kailan ang unang pagbayad ay sa unang araw ng Hunyo. Para sa karagdagang impormasyon ay sumangguni sa Real Property Tax Section ng munisipiyo.

## 2. Ang Pag-apply ng Bago o Renewal ng My Number's Card.

Sa mga residenteng nakarehistro sa lungsod, ang pag-apply o pagrenew ng My Number's Card ay maaari na ngayon gawin sa may 29 na sangay ng Post Office ng lungsod. Kahit walang application form ay maaari na itong iproseso sa nasabing tanggapan at hindi na kailangang pumunta pa sa cityhall.

Bilang karagdagan, kung mayroong hawak ng application form, maaari na ring gawin ang nasabing proseso sa pamamagitan ng smartphone o kompyuter.

Mga importing bagay na dapat tandaan lamang sa paala-alang ito:

- Kung gagawin sa Post Office, dapat munang tumawag sa telepono sa pupuntahang branch at kumuha ng appointment.
- Pagkalipas ng halos isang buwan ng pag-apply ay makakatanggap ng Issuance Notice, dalhin ito sa main city hall sa may Citizen's Services Section (Shimin Seikatsu -Ka) o sa mga ibang branches ng munisipiyo sa Commmunity Development Promotion Division ibigay ang Issuance Notice upang matanggap ang inisyung My Number's Card.
- Hindi maaaring i-renew ang Electronic Certificate ng My Number's Card sa Post Office.
- Hindi maaaring i-apply ang My Number's Card sa Post Office bilang pagpapatuloy sa paggamit ng Japanese Driving License.

## 3. Tungkol sa "Blue Ticket" System Dahil sa mga Paglabag sa Trapiko na Kinasasangkutan ng mga Sumasakay ng Bisikleta.

Ito ay muling paala-ala mula sa anunsyo noong nakaraang Marso. Mahalaga ito para sa mga sumasakay ng bisikleta.

Mula sa umpisa ng Abril, pinagtibay ang "Traffic Violation Notification System" na kung tawagin ay "Blue Ticket" para sa mga lumalabag sa batas trapiko ng pagbibisikleta.

Ang sinuman na lumabag sa batas trapiko sa pagsakay ng bisikleta ay bibigyan ng "Blue Ticket" ng pulis na kung saan nakasaad ang uri ng paglabag at halaga ng multa na babayaran sa banko o Post Office. Ang inisyu na ticket ay dadalhin sa mga nasabing lugar na pagbabayaran. Hindi kailan man manghihingi ng kabayaran ang mga pulis na nakita ng paglabag sa mismong lugar.

Bilang pangkalahatang tuntunin, dapat bayaran ang nasabing pansamantalang multa sa loob ng 7 araw pagkatapos mahuli sa paglabag sa batas trapiko.

Ang hindi pagbayad sa nabanggit na multa ay maaaring kasuhan at lilitisin bilang criminal offense at mahaharap sa pagkakasala sa batas.

Ang "Blue Ticket" Traffic Rule ay igagawad sa mga sumasakay ng bisikleta na may 16 taong gulang pataas.

Ang mga pangunahing multa ay 12, 000 yen sa mga nakasakay ng bisikleta habang nakikipag-usap o nakatingin sa smartphone, 6,000 yen sa pagbalewala sa pulang ilaw ng trapiko, 5,000 yen para sa gumagamit ng payong habang nagbibisikleta, naka-earphone, hindi paghinto sa stop sign, pagpapatakbo sa maling bahagi ng kalsada at ang paggamit ng bisikleta na walang ilaw. 3,000 yen naman ang ibibigay na multa sa mga sumasakay ng bisikleta na may kasabay na tumatakbo na may parehong bilis.

Ginawa ang ang batas na ito upang maiwasan ang pagdulot o pagkasangkot sa mga aksidente sa trapiko.

Mangyaring sunding mabuti ang batas trapiko.